**Hulyo 1**

Magsilakad kayong gata ng mga anak ng liwanag...na inyong pinatutunayan ang kinalulugdan ng Panginoon. Efeso 5:8,9

KUNG tayo ay mapapabanal ng katotohanan para sa Dios - kung ang ating mga kalooban ay mamamatay, at ang kalooban ng Dios ay tanggapin natin ng buo bilang atin, sa isip, sa salita at sa gawa, naabot na natin ang kalooban ng Dios at mapapanalunan natin ang gantimpala bilang mga "nagtatagumpay" - kahit na dahil sa hindi tayo nabigyan ng pagkakataon, hindi tayo kailanman nakapangaral, hindi kailanman nakapagbigay sa mga mahihirap at hindi kailanman nagdusa bilang mga martir alang-alang sa katotohanan. Dapat nating tandaan nang maigi ang puntong ito:--"Ito ang kalooban ng Dios sa iyo, ang pagpapabanal sa iyo." Hayaang walang anomang bagay ang magiging lambong o magpapalabo sa katotohanang ito; ni ang ibang katotohanan o kamalian. Hayaang ito ang mangibabaw sa takbo ng ating buhay, at kung ang kalooban ng Dios ay tunay ngang kalooban natin, maliwanag ang marka ng ating dadaanan at ito ay napakahalaga. Z. '99-4.

**Hulyo 2**

Bagama't minumura at tinutuligsa, kami ay nagpapala; bagama't pinag-uusig, ay nangagtitiis kami. 1 Corinto 4:12

KUNG ikaw ay tapat na mag-aaral sa paaralan ni Cristo, hindi magtatagal at darating ang panahon na mauunawaan mo na ang sakdal na batas ng kalayaan, ang batas ni Cristo, ay siyang tutulong sa iyo upang mausisa mo ang mga pag-iisip at intensiyon ng puso, at bagama't kinasusuklaman mo ang lahat ng kasalanan, hindi maaaring kamuhian mo ang sinomang nagkakasala, habang ang pag-ibig ng Dios napasakdal sa iyong puso. Kahit na maraming mapait na damdamin ang uusbong sa atin laban sa mga naninira sa atin, dapat itong labanan, at magiging kompleto ang pagkapanalo natin nito na ang bawat hibla ng ating pagkatao ay magiging matamis na maaayon sa mga tagubilin ng ating dakilang tagapagturo, "Ibigin mo ang iyong mga kaaway. Ipagdasal sila na naninira at umuusig sa inyo. Pagpalain sila at huwag silang ipahamak." Z. '99-5.

**Hulyo 3**

Lagi kong pinananatili si Jehova sa aking harapan; hindi ako matitinag, sapagkat siya ay nasa aking kanan. Awit 16:8 (ASV)

SIYA na naglibing sa kaniyang kalooban ng buong-buo sa kalooban ng Panginoon ay hindi makararanas ng pagkasiphayo at panghihina ng loob; subalit sa bawat gawain at pinagkakaabalahan niya, nakikita niya ang banal na pag-aakay, at naririning niya ang salita ni Jehova na nangangako sa kaniya, "At nalalaman natin na sa lahat ng mga bagay ang Dios ay gumagawa sa ikabubuti ng mga umiibig sa kaniya, sa kanila na mga tinatawag alinsunod sa kaniyang layunin." (Roma 8:28) Isa itong katibayan na ang isa ay nakarating na sa nararapat na kalagayan ng puso, kapag nakakayanan na niyang harapin ang mga pagsalansang ng kaaway (si Satanas), at ng sanglibutan, at ng ating sariling laman nang may pagtitiyaga, ng walang pag-angal, walang pagbulongbulong, at ng may "kagalakan" - bilang bahagi ng karanasan ng pagdidisiplina na ipinataw sa atin ng ating matalino sa lahat at maibigin sa lahat na Panginoon. Z. '99-6.

**Hulyo 4**

Sinong naniwala sa aming balita? At kanino nahayag ang bisig ng Panginoon? Isaias 53:1

ANG panawagan para sa iglesia nitong kasalukuyang panahon ay pasikatin ang liwanag at sa ganuon ito ay magbubukas ng daan para sa pag-uusig alang-alang sa katuwiran, at ang matamang pagsasanay nito sa pamamagitan ng pagtitiis, pangkapatirang kabaitan, awa at pag-ibig - para sa mga nang-uusig at para sa lahat ng tao. Hayaang ang lahat kung ganuon na nakakita sa gantimpala, at nakakita sa liwanag ng kaluwalhatian ni Jehova na sumisikat sa mukha ni Jesu-Cristo na Panginoon natin, ay maging tapat sa mga kondisyon ng Ama, sa pagtawag sa atin, at sa ating paglilingkod. Ang lahat ay dapat magbigay pansin sa ministeryong ito (paglilingkod) na natanggap natin, at huwag manlupaypay, huwag panghinaan ng loob makinig man ang mga tao o magpigil; sila man ay mag-isip ng masama o magsalita ng masama sa atin; dapat nating alalahanin na ang ating ulat sa dulo ng paglilitis ay dapat nating iharap sa Panginoon mismo, kapag iipunin na niya ang kaniyang mga mamahaling hiyas. Z. '99 -10, 11.

**Hulyo 5**

Sapagkat ang mga sandata ng aming pakikilaban ay hindi ukol sa laman, kundi sa harapan ng Dios ay may kapangyarihang gumiba ng mga kuta; na siyang gumigiba ng mga maling haka, at ng bawat bagay na matayog na nagmamataas...at bumibihag sa lahat ng pag-iisip sa pagtalima kay Cristo. 2 Corinto 10:4, 5.

ALALAHANIN natin na ang unang kondisyon upang tayo ay matanggap ng Dios ay ang tapat na pagsunod sa kaniyang salita, ang katibayan ng pag-ibig para sa kaniya at pananampalataya para sa kaniya. Alalahanin din natin, na ang ikalawang kuwalipikasyon na hahanapin niya sa atin ay ang pag-ibig para sa kapatiran, ang pagiging handa sa paggawa, pagtitiis, at ang mamatay para sa mga totoo at tunay na nag alay na mga anak ng Dios, na nagsisikap na lumakad sa kaniyang mga daan. Z. '99-11.

**Hulyo 6**

Anong tao siya na natatakot kay Jehova? Siya ang tuturuan niya ng daan na kaniyang pipiliin. Awit 25:12 (Mula sa American Standard Version)

HINDI para sa atin na pangasiwaan ang mga pagsubok at kahirapan na maaaring dumadagsa sa atin. Ang atin ay ang pag gawa ng walang sukat na pag-aalay sa ating mga sarili sa Panignoon at hayaan siyang magpasya kung magiging gaano kalaki ang ating mga pagsubok at sari-saring mga suliranin - kung magiging gaano kalaki ang ating mga pagsasakripisyo sa pagsunod sa kaniyang mga pagpanguna. Maaaring nakikita ng Panginoon na ang ilan ay nangangailangan ng espesyal na mga pagsubok na higit pa kaysa iba, at yaong mga bagay na sa tingin ng iba ay mangangahulugan ng malalaking pagsasakripisyo, sa iba, dahil sa mas dakilang pag-ibig para sa Panginoon at sa kaniyang layunin, at mas malaking sipag sa paglilingkod, ang sakripisyo ay maaaring gaya ng ipinahayag ng apostol sa kaniyang sariling magaan na kahirapan, na ito ay saglit lamang, at na ito ay gumagawa ng mas lumalampas at walang hagang bigat ng kaluwalhatian. Z. '99-13.

**Hulyo 7**

Masdan ang Kordero ng Dios! Juan 1:36.

ANG lahat ng mga alagad ng Dios ay kailangang gumawa ng mga bagay para bigyang pansin ang Panginoon at hindi ang kanilang mga sarili. Hayaang ang bawat isa sa atin ay magsuko ng

ating mga lakas para ituro ang mga tao sa Kordero ng Dios, at hindi sa sarili. Ang kababaang-loob ay isang hiyas na bato saanman ito matatagpuan, isa ito sa mga grasya ng Espiritu na dapat paunlarin ng husto at pakinisin nang husto ng lahat ng mga nag-alay ng sarili sa Panginoon.

At alalahanin natin na ang pagsunod kay Jesus, sa pinakamainam na kahulugan ay ang paglakad sa kaniyang mga daan, ang pagsisikap na gawin ang makakaya natin na mapalapit sa mga bagay na maaaring gawin niya ngayon kung narito lang siya, ang pagkuha ng aral kung ano ang kaniyang mga ginawa o sinalita, at sa mga tagubilin na kaniyang iniwan sa atin sa pamamagitan ng mga apostoles may kinalaman sa daan ng pakikiisa sa kaniyang mga pagdurusa, ang daan tungo sa kaluwalhatian, at ang paghaharing kasam niya sa kaniyang kaharian. Z. '99-14, 15.

**Hulyo 8**

Ang Iglesia ng Dios na buhay, at haligi at suhay ng katotohanan. 1 Timoteo 3:15.

ANG Iglesia ng Panginoon, ang kaisa-isa na nararapat tawaging "ecclesia", katawan o iglesia, ay hinding-hindi dakila o sikat, hindi mapagpasikat, at siyang painakamahirap pagdating sa pera o yaman sa mundong ito, at hindi ito kinikilala at hindi ito makikilala ng sanglibutan. Hindi ito gawa ng tao ni pinamumunuan ng tao; at ang mga kasapi nito ay hindi rin nakalista dito sa mundo, kundi sa langit. (Hebreo 12:23) Ang Pangulo at Obispo nito ay ang Panginoon, ang batas nito ay ang kaniyang salita (Ang Biblia): Isa lamang ang Panginoon nito, isang pananampalataya, isang bautismo; at ito ay itinatag sa mga patotoo ng mga banal na apostol at propeta - si Jesu-Cristo mismo ang panulukang pundasyon. Z. '99-37.

**Hulyo 9**

Pagka nailabas na niya ang lahat ng sarli niyang tupa, ay pinangungunahan niya sila at nagsisisunod sa kaniya ang mga tupa, sapagkat nakikilala nila ang kaniyang tinig. Juan 10:4.

ANG tinig ng mabuting Pastol ay pinaghalong maraming iba't-ibang tunog sa paraang hindi ito nahaluan ng ibang tinig. Ang kaniyang tinig ay tumutunog ng tono ng hustisya kaalinsabay sa tunog ng pag-ibig at ang kabuuan ay nilahukan ng tunog ng karunungan at kapangyarihan. Ang ibang mga haka-haka, mga plano at mga pakana ng mga tao ay walang ganuong nagkakaisang tunog gaya ng mensahe na ipinadadala ng dakilang Pastol, masisiyahan nito ang kanilang pananabik at walang ibang bagay ang makagagawa nito. Hindi na sila manganganib na maakit pa sa ibang mga tunog o tinig, mga haka-haka o pakana, kundi ganito ang isasagot nila sa lahat,

"Si Hesus ang nagbibigay kasiyahan;
Sis Jesus ay akin." Z. '0-230

**Hulyo 10**

At siya'y pinatotohanan ng lahat, at nangagtataka sa mga salita ng biyaya na lumalabas sa kaniyang bibig; at sinabi nila, hindi baga ito ang anak ni Jose? Lucas 4:22.

GANITO dapat ang lahat ng mga tagasunod ni Jesus: ang kanilang pananalita ay dapat mabuti, malumanay, mahinahon at nag-uumapaw ang kanilang mga puso ng maibiging simpatiya sa katotohanan at sa lahat ng umiibig at naghahanap nito. Ang kanilang pananalita ay dapat nasa katuwiran at katotohanan at naaayon sa salita ng Dios, ang Biblia. At ang kanilang mga kilos, paggawi ay kailangang naaayon bilang buhay na mga sulat patotoo upang maging ang kanilang mga kaaway ay mamangha, at maniwala na talagang tayo ay mga tagasunod ni Jesus at natuto sa kaniya. Z. '99-53.

**Hulyo 11**

Nalalaman natin na ang sinomang ipinanganak ng Dios ay hindi nagkakasala; dataptwa't ang ipinanganak ng Dios ay nag-iingat sa kaniyang sarili, at hindi siya ginagalaw ng masama. 1 Juan 5:18.

HANGGA'T ang puso (isip, kalooban) ay banal, naaayon sa Dios at sa katuwiran, na ang ibig sabihin ay, hangga't ang binhi ng pagsilang sa atin, ang espiritu ng kabanalan ay namamalagi sa atin - ang bagong isip ay hindi makakapayag sa kasalanan, kundi ito ay kailangang maging kalaban nito. Bagama't sa dami ng labanang pinaglalabanan ay kasama ang mga sangkap ng ating katawang makasalanan at mahinang uri gaya ng kanilang mga hilig at nasa, tayo gayunpaman bilang mga "bagong nilikha", ay hiwalay at naiiba sa laman, at ang mga kahinaan at pagiging di-perpekto ng laman ay hindi ipinaparatang sa bagong nilikha kay Cristo Jesus kundi ipinapalagay na natakpan, natago sa ilalim ng bisa ng nagtutubos na pagsasakripisyo ng Panginoon. Z. '99-58.

**Hulyo 12**

Kung palayain nga kayo ng Anak, kayo'y magiging tunay na laya. Juan 8:36.

ANG tunay na mga disipulo ay tumatalima sa salita ng dakilang guro, at nagpapatuloy sa lahat ng bagay bilang kaniyang mag-aaral, hindi lamang sila nakalaya mula sa mga paniniwalang walang batayan (supertitious) at kawalang alam kundi pati na sa kasalanan; at tumatanggap sa halip ng tamang pananaw ng kanilang sariling natural na mga kahinaan at mga mantsa at ng banal na kaisipan - ang katotohanan. Bilang bunga, ang kanilang kalayaan ay nagpapala sa halip na nakapipinsala sa kanila; nagdadala ng kapakumbabaan sa halip na kapalaluan at kahambugan; nagdadala ng pagpa-pasensiya sa halip na galit; nagdadala ng pagka-bukas-palad at kabutihang loob sa halip na pagkayamot at pagiging maramot; nagdadala ng kagalakan at kapayapaan sa halip na pagka-distontento at sama ng loob ng espiritu. Tunay na anak ng Dios lamang ang tototong makapagpapalaya sa atin. Z. '99-57.

**Hulyo 13**

At hindi katakataka: sapagkat si Satanas man ay nagpapakunwaring anghel ng kaliwanagan. Hindi malaking bagay nga na ang kaniyang mga ministro naman ay magpakunwari na waring minstro ng katuwiran; na ang kanilang wakas ay masasang-ayon sa kanilang mga gawa. 2 Corinto 11:14, 15.

KAPAG itatanong, paano Si Satanas magkaka-interes sa paggawa ng mabuti? Ang ating sagot, ang kaaway ay nagpapanggap sa pamamagitan ng pagsusuot ng damit ng anghel ng liwanag at awa, hindi upang umakay tungo sa liwanang ng salita - hindi upang umakay tungo sa krus ni Cristo - hindi upang umakay tungo sa Biblia - kundi ilayo ang mga tao mula sa mga ito, tungo sa naiibang pag-asa ng mga tao mula sa mga ito, tungo sa naiibang pag-asa ng kaligtsan, at tungo sa ibang guro, na maglilinlang kung maaari sa mga pinili. At ating tandaan na ipinakikita ng mga salita ng ating Panignoon na kapag ang mga bagay ay umabot na sa ganitong kalagayan, kung kailan si Satanas ay nagpapalayas kay Satanas at nagpapagaling ng mga karamdaman, ito ay maliwanag na hudyat na ang kaniyang trono ay patuloy na sa kaniyang pagbaksak - na ang ibig sabihin, ito na ang kahulihulihang pagsisikap nga gagawin ng kaaway upang manlinlang. Z. '99-62.

**Hulyo 14**

Ang lahat ng kapaitan, at kagalitan, at pagkakaalit, at kadaldalan, at panglilibak, ay mangaalis nawa sa inyo, pati ng lahat ng masasamang akala. Efeso 4:31.

MULA sa kaniyang mataas na pananaw ng pagpapahalaga sa banal na utos, ang mas may alam na Cristiano ay nakakaunawa na sa mata ng Panginoon ang pagtatanim ng galit ay pagpaslang, ang paninirang puri ay pagpatay, at ang pagwasak ng mabuting pangalan ng kapwa ay pagananakaw at pandarambong. At alin man sa mga bagay na ito ay doble ang kasamaan kapag ginawa sa iglesia - ito ay pagpatay at pagnanakaw sa kapatid. Ang hindi lamang kasama sa panuntunan na ito, na nagsasabing "huwag magsalita ng masama laban sa kanino man", ay papasok sa panahong alam natin ang lubos na pagiging kailangan para ibunyag ang kasamaam - dahil sa pag-ibig sa iba, na kapag hindi masabihan ay maaaring mapapahamak sila. Z. '99-71.

**Hulyo 15**

Kahit ipamigay ko ang lahat ng aking kayamanan para ipakain sa mga mahihirap, ngunit wala namang pag-ibig, ito ay walang kabuluhan. 1 Corinto 13:3.

SA ATING pagmamalasakit at paglilingkod sa iba, huwag nating kalimutan na hindi lamang pera ang kailangan ng mga tao - ang iba ay nangangailangan ng pag-ibig at pagdamay, hindi pera. Kasama sa mga ito ang ating Panginoon: Ang sarili niyang puso na puno ng pag-ibig, ay nakasumpong, kung tutuusin, ng kaunting pakikiramy lamang mula sa mahigit kumulang maruming mga kaisipan ng kahit na marangal na mga tao ng lahing nagkasala na pinangangatawanan ng kaniyang mga Apostoles. Nakita niya kay Maria ang lalim ng pag-ibig at debosyon na para sa kaniya ay mabangong samyo ng insenso, at nakakagaan ng damdamin, nakakapagpalakas, isang pabango: at mas nagpapahalaga si Maria nang higit kay sa iba sa lalim at lapad ng katangian ng Panginoon. Hindi lamang siya nagagalak na umupo sa kaniyang paanan upang matuto mula sa kaniya, kundi ikinagagalak din niyang gumastos ng mahal na pabango bilang pagpapakita ng kaniyang debosyon at pag-ibig sa kaniya.   Z. '99-77

**Hulyo 16**

At huwag kayong magsipaglasing ng alak na kinaroroonan ng kaguluhan, kundi kayo'y mangapuspos ng Espiritu. Efeso 5:18.

ANG sukat ng paglalagay ng laman papasok sa ating mga isip ay tutugma din sa sukat ng ating pagtanggal palabas ng espiritu ng sariling kalooban, at pagpuno nito ng espiritu ng pananampalataya at pagsunod; At bagama't ang pagkamasunurin ay hindi makagagawa maliban na lamang kung ito ay ipakikita sa araw-araw na buhay, gayunpaman, ang pinahahalagahan ng Panginoon sa kaniyang nag-aalay-sa-sariling mga alagad ay ang pagkamasunurin ng intensiyon ng kalooban ng puso. Kaya, ang ilan na may mga pusong buo ang katapatan sa Panginoon ay makalulugod sa kaniya, bagama't hindi ito ang higit na nakakatuwa sa mga tao na kanilang nakakasalamuha; habang ang iba na "tinitingala sa gitna ng mga tao" dahil sa panlabas nilang moralildad ay maaaring "kasuklam-suklam" sa mata ng Dios dahil sa kalamigan at kawalang katapatan ng puso. Gayunpaman, siya na mayroong bagong pag-asa sa kaniya at ng bagong espiritu, ay magsisikap na dalisayin ang kaniyang sarli, hindi lamang sa kaniyang pag-iisip, kundi pati na sa kaniyang salita at gawa at lahat ng kaniyang mga gawa paloob at palabas. Z. '99-92.

**Hulyo 17**

Iyong iingatan siya sa ganap na kapayapaan, siya na ang pag-iisip ay nananatili sa iyo. Isaias 6:3.

HINDI ito kapayapaan na makasanglibutan, ni kapayapaan ng walang pagpapahalaga, ni kapayapaan ng katamaran, ni pagmamalabis sa sarili o walang pagpipigil sa hilig, ni kapayapaan na naniniwalang wala na tayong magagawa; kundi ito ay kapayapaan ni Kristo - "aking kapayapaan". Kung tayo'y magbalik tanaw, makikita natin na ang ating guro ay nanatiling may kapayapaan na kasama ang Dios sa ilalim ng anumang kalagayan. Ito ay kapayapaan na may buong pagtitiwala sa banal na karunungan, pag-ibig, katarungan at kapangyarihan, isang kapayapaan na nakaalaala sa mga mabubuting pangako na ipinangako sa mga tapat sa Panginoon- na walang anumang bagay ang mananakit sa kaniyang mga tapat, at ang lahat ng mga bagay ay sama-samang gumagawa para sa ikabubuti sa kanila na umiibig sa Dios. Matatangap ng kapayapaan na ito ang anumang bagay na ipahintulot ng Dios na mangyari at habang tumatangis dahil sa mga suliranin, ito ay pinapalitan niya ng pagtawa dahil alam niya na darating ang panahon ng mga pagpapala gaya ng ipinangako ng Dios. Ang nararamdaman

natin ngayon na kapayapaan at kagalakan ay patikim lamang sa tunay na kapayaan at kagalakan na darating sa itinakdang panahon. Z. '99-95 R245:6.

**Hulyo 18**

Datapuwat alamin mo ito, na sa mga huling araw ay darating ang mga panahong mapanganib. Mga lilo, mga matitigas ang ulo...mga maibigin sa kalayawan kay sa mga maibigin sa Dios. 2 Timoteo 3:1, 4.

ANG tunay na Cristiano ay hindi "mapusok", kundi sa kabaligtaran, ang kaniyang pag-aalay sa sarili sa Panginoon ay makasigasig na pagpupugot ng kaniyang ulo. Winala niya ang kaniyang ulo, at nangangahulugan ito na itinakwil niya ang kaniyang sariling kalooban at pamumuno sa sariling buhay, at pinailalim niya ang kaniyang sarili bilang miyembro ng katawan ni Cristo, sa buong pagko-kontrol ni Jesus, na siya nang kaniyang ulo...ang tunay na Cristiano, kung ganuon, sa bawat ginagawa niya sa buhay may kinalaman sa mga kagustuhan nito at sa mga pasanin at pagsubok-- ay dumudulog sa kaniyang Pangulo para sa patnubay, upang alamin kung paano at ano ang sasabihin - oo, upng mai-ayon ang tumpak na kaisipan ng kaniyang isip sa buong pagsunod sa kalooban ng Dios kay Cristo. Z. '9-102.

**Hulyo 19**

Ang kopa na sa akin ay ibinigay ng Ama, ay hindi ko baga iinuman? Juan 18:11.

SUMISIKAT nang husto ang grasya ng kapakumbabaan sa lahat ng maliliit na pangyayari sa ministeryo ng ating mahal na manunubos; kahit sa oras ng kaniyang pagsuko sa kaniyang mga kaaway, hindi niya pinagyayabang na ang kaniyang ginagawa ay boluntaryo at hindi rin niya hinangad ang papuri bilang martir! Ipinahahayag niya ang simpleng katotohanan bilang ebidensiya ng kaniyang personal na katapatan sa Dios. Ibinunyag niya ang kaniyang sarili bilang lingkod ng Dios, isang anak na natuto ng pagka-masunurin sa mga bagay na kaniyang tiniis.

Walang ibang aral marahil ang mas kailangan sa mga tagasunod ng Panginoon kaysa kanilang pagiging handang uminom sa saro na binuhusan ng alak ng Ama - isang pagkilala na ang Ama ay umaakay at namamahala sa ating mga ginagawa sapagkat tayo ay kaniya bilang mga kasapi ng katawan ng isang pinahiran. Z. '99-109.

**Hulyo 20**

Ako ang tunay na puno ng ubas, at ang aking Ama ang magsasaka...ang bawat sanga na nagbubunga ay nililinis niya, upang lalong magbunga. Juan 15:1, 2.

GAYA ng kahit sa pinaka-mainam na sanga ng ubas, na hindi namumunga ng marami, na kinailangan pang putulin and di mabubuting dulo ng sanga, ganuon din ang pinaka-tapat at masugid na alagad ng Panginoon ay nangangailangan din ng pagdisiplina ng Panginoon at pagkalinga - dahil kung hindi, baka darating ang pahanon na sila rin ay magiging taga-gawa ng mga produktong mula sa kahoy, at mabigong mamunga nang marami...ang tunay na anak ng Dios na ang sariling kalooban ay inilibing nang buo sa kalooban ng Panginoon ay hindi na sumasama ang loob ni pinanghihinaan ng loob sa pagtatapyas ng kanilang mga bulok na sanga at dahon. Natutunan niya ito kahit papaano, sa sarili niyang kawalan ng karunungan at may tiwala sa karunungan ng dakilang magsasaka. Kaya, sa oras na ang banal na pangunguna ay umaakay sa kaniyang mga pagsisikap tungo sa ibang mga direksiyon kaysa nais niya, nagagalak siyang tanggapin ang mga paghahadlang na ito sa kaniyang mga plano at nagtitiwala na ang kalooban ng Panginoon at pamamaraan ng Panginoon ang siyang pinakamabuti at sinadyang magbibigay ng pagpapala. Z '99-109.

**Hulyo 21**

Ako'y ipinanganak dahil dito, dahil dito ako ay naparito sa sanglibutan, upang bigyang patotoo ang katotohanan. Juan 18:37.

ANG katapatan ng Panginoon sa katotohanan ay naging dahilan na siya ay sinalungat ng mga taong binulag ng kaaway. Ang kaniyang pangangaral ay nagdulot ng kaniyang kamatayan, at ang pagbibigay ng kaniyang buhay bilang pagtatanggol sa katotohanan ang siyang bumuo ng halaga upang tayo ay matubos. Sa katulad na bagay, ang lahat na mga lingkod ng Panginoon ay kailangang mangaral sa katotohanan - katotohanan tungkol sa katangian at plano ng Dios...ang pangangaral ng katotohanan ang siyang dahilan kung bakit ang mga buhay ng mga tunay na alagad ng Dios ay nanganganib o pinapatay, sa paghahandog ng kanilang sarili bilang buhay na handog, banal, kaayaaya sa Dios, sa pamamagitan ni Cristo Jesus. Hayaang ang bawat tao na umaasa na maging kasamang tagpagmana ng Prinsipe ng buhay sa kaharian, ay mangaral ng katotohanan - isang mabuting pagpahayag may kinalaman sa kaharian, sa pundasyon nito, at sa kahuli-hulihan ay ang malaking gusali sa kaluwalhatian. Z. '99-123.

**Hulyo 22**

Ang Panginoon ay malapit sa kanila na may bagbag na puso, at inililigtas ang mga may nagsisising puso. Marami ang kadalamhatian ng matuwid; ngunit inililigtas siya ng Panginoon sa lahat ng ito. Awit 34:18.19

Ang taong matuwid ay nabubuwal na makapito, at bumabangon muli. Kawikaan 24:16.

KAPAG sa anomang pagkakataon tayo ay nakagagawa ng kasalanan na hindi na puedeng kompunuhin o ayusin, asahan natin na ito ay magdudulot sa atin ng mga pagkasiphayo gaya ng hinulaan ng Panginoon: subalit maaaring pahihintulutan niya na ito ay magbubunga rin ng mga pagpapala sa paraan na ang puso mo ay magsisisi, at magpapakumbaba sa Panginoon, at magkakaroon ng mas malaking kasigasigan, pagiging mapagbantay at katapatan sa kinabukasan. Kaya, kahit ang ilan sa mga malalaking pagkakamali sa buhay ay puedeng maging tuntungan tungo sa mas mataas na nga baitang ng pagpapala at katotohanan. Z. '03-217.

**Hulyo 23**

Dapatwat kung ang sinoman ay hindi nagkakandili sa mga sariling kaniya, ay tumanggi siya sa pananampalataya at lalong masama kay sa hindi sumasampalataya. 1 Timoteo 5:8.

"ANG pananampalataya" ay naglalakip ng kaisipan ng pag-ibig, simpatiya, interes, at pagkalinga sa iba, lalo na sa kanila sa sambahayan ng pananampalataya...ito ay nagbibigay sa atin ng unawa sa katangian ng Panginoon na "makaunawa" sa mga damdamin, at napag-alaman natin na siya ang nag-iisip sa kapakanan ng iba sa mga panahong siya mismo (si Jesus) ay nalulunod rin dati sa mga kahirapan at kabagabagan! Ang sarili niyang matinding paghihirap ay hindi nakahadlang sa kaniya na isipin ang kaniyang ina, at gumagawa ng paglalaan para sa kaniyang kaginhawaan...napapansin natin ang pagpili niya kay Juan; walang duda dahil, una sa lahat, si Juan ay may mapagmahal at maamong ugali; pangalawa, dahil si Juan ay masipag para sa Panginoon at sa katotohanan; at pangatlo dahil sa kaniyang tapang na pumuwesto malapit sa naghihingalo nang maestro sa kaniyang huling sandali kahit pa nanganganib ang sarili niyang buhay. Tandaan natin ang mga katangiang ito, bilang mga katangian na sinasang-ayunan ng Panginoon, na kapag iniisip natin ang mga ito, ito ay mapapaunlad natin sa ating mga sarili kung...tayo ay pagkalooban ng espesyal na mga pagkakataon sa paglilingkod sa pareho ring maestro. Z. '99-127.

**Hulyo 24**
Ang panalangin ng taong matuwid ay makapangyarihan at mabisa. Santiago 5:16.

Ang pakikiisa sa Panginoon sa panalangin ay nagdadala ng umiigting na pagtitiwala sa pangangasiwa ng Panginoon sa ating mga lakad; nagpapatindi sa ating pananampalataya sa lahat ng nag-uumapaw at dakilang mga pangako ng kaniyang salita, nagpapatindi sa ating pagkaunawa sa kaniyang mga pangunguna, nuon at ngayon; pinapalago nito ang pag-ibig natin sa lahat ng mga kapatiran kay Cristo, nadadagdagan nito ang ating pagmamalasakit para sa kanilang kapakanan at espirituwal na pagsulong. Ang panalangin ay malapit at aktibong kinikilala kasama ng pag-unlad sa espirituwal na mga bagay, pag-unlad sa mga bunga ng espiritu, para sa Dios, sa mga kapatiran, at sa lahat ng tao. Z. '00-266.

**Hulyo 25**
Iisa ang tagapagbigay ng kautusan at hukom, sa makatuwid baga'y ang makapagliligtas at makapagwawasak: datapuwat sino ka na humahatol sa iyong kapuwa? Santiago 4:12.

NAAAYON sa puntong ito na dineklara ni Apostol Pablo sa isang lugar na kahit ang sanglibutan ni ang kapatiran ay hindi kayang manghusga sa kaniya - kundi ang Panginoon lamang, na nakakabasa ng puso at nakakaalam ng lahat ng kalagayan at mga pagsubok at mga kahinaan na paglalabanan, ang makakahusga nang tama. Nagsabi pa siya: "Oo, hindi ko hinuhusgahan ang sarili ko." (1 Corinto 4:3) Napakainam na plano na hindi natin isumpa ang iba na nag-aangkin na sila ay lumalakad ayon sa budhi bilang mga anak ng Panginoon ni isumpa rin natin ang ating mga sarili sa ilalim ng parehong kalagayan at situwasyon. Ang gagawin lamang natin ay magpatuloy araw-araw, gawin ang pinaka-mabuti na kaya natin sa pagpapaunlad ng mga makalangit na grasya at paglingkuran ang ating maestro, at hayaang ang Panginoon ang magpasya at maghusga sa iba at sa atin. Z. '99-139.

**Hulyo 26**
Ang magtagumpay ay bibigyan ko...ng isang batong puti, at sa bato ay may nakasulat na isang bagong pangalan, na walang nakakaalam kundi yaong tumatanggap. Apocalipsis 2:17.

ANG mga nagtatagumpay ay kailangang mapatunayan bilang mga taong isinasakripisyo ang bawat bagay para sa Panginoon; isinasakripisyo ang pag-ibig at pakikisama at pagsang-ayon ng ibang mga tao kung kinakailangan upang mapanatili ang pag-ibig at pabor ng Panginoon.

Naniniwala tayo na ang pagsubok na ito ay dumarating araw-araw, papalapit nang papalapit sa mga nag-aalay-sa-sariling mga alagad ng Panginoon at kinakailangan ng bawat isa sa atin na alalahanin na isa ito sa mga elemento ng ating pagsubok,at sa paglalagak ng ating mga hilig sa mga bagay na makalangit, at sa pagpatay ng lahat ng gayong mga hilig sa mga makasanglibutang bagay yamang ang mga bagay na ito ay magiging katunggali sa Panginoon, sa ating mga espirituwal na hilig, sa paglilingkod at iba pa. Z. '99-140.

**Hulyo 27**

Hindi tayo mangakakasumpong ng anomang maisusumbong laban sa Daniel na ito, liban sa tayo'y mangakasumpong laban sa kaniya tungkol sa kautusan ng kaniyang Dios. Daniel 6:5.

HINDI lahat ng espiritu ay umaakay na mga espiritu gaya ng kay Daniel, at hindi ang lahat pinakitaan ng mga pangitain at kapahayagan at pagbabasa ng nga kahulugan gaya niya; subalit ang lahat ay may parehong espiritu ng debosyon sa mga prinsipyo ng katuwiran, at ang debosyon na ito ay susubukan sa ilalim ng banal na pagkalinga, unti-unti, sa makipot na daan, habang nagsisikap silang lumakad sa mga yapak niya na nagbibigay sa atin ng huwaran - ang ating Daniel, ang ating pinuno, na walang iba kundi ang ating Panginoong Jesus. Kung ganuon, hayaang ang lahat ng pinangalanan sa pangalan ni Cristo ay tumalikod sa kasamaan; hayaang ang lahat ay maging matapat: "Gayahin si Daniel." Z. '99-167.

**Hulyo 28**

Datapuwa't kung mangagbata kayo ng dahil sa katuwiran ay mapapalad kayo. 1 Pedro 3:14.

MASISIYAHAN lamang tayo kung tayo ay kinasusuklaman dahil sa ating katapatan sa katotohanan (direkta man o hindi) o kung isipin na tayo ay nagdurusa alang-alang sa katuwiran. Gaya ng ipinakikita ng Apostol, ang iba ay nagdurusa bilang manggagawa ng masama at ng mga pakialamero, mapanghimasok sa mga buhay-buhay ng iba, o dahil sa pagiging mabagsik, magaspang, o kulang sa karunungan ng pagtitimpi - mga bagay na pinayuhan tayo ng salita ng Panginoon.

Katungkulan natin hindi lamang ang pag-aaral sa kalooban ng Panginoon, kundi pag-aralan ding mabuti ang mga kaganapan at pangyayari sa kapaligiran, at pagsikapan at ikapit ang ganuong mahinahon at may pagtitimping paraan sa buhay bilang una sa lahat, ay may banal na pahintulot, at pangalawa, hangga't maaari, kaunti lamang ang maidudulot nating suliranin,

pagka-di komportable, at kalungkutan sa iba, at tayo ay magtiwala sa umaakay na karunungan ng Panginoong patnubay. Z. '99-166'167.

**Hulyo 29**

Kaya tayong iligtas ng Dios na ating pinaglilinkuran. Daniel 3:17.

ANG mga paglalaan ng Dios ay hindi pare-pareho, at hindi para sa atin ang magpasya kung kailan darating ang mahahalagang pagliligtas, at kung kailan niya tayo hahayaang matalo sa ating mga kaaway na wala man lamang palatandaan na tayo ay kaniyang papaboran. Minsan, ang mga alagad ng Dios na nakagapos at pinagbabawalan na ipahayag ang katotohanan ay bigla na lamang mapapalaya, gaya ng tatlong mga Hebreo na napalaya nang ang apoy ay tumupok sa taling nakagapos sa kanila, at iyon ay naging malaking pagkakataon para gamitin sa kapurihan ng Dios - at ito ay higit pa kaysa ibang paraan.

Hindi tayo ang dapat magtakda sa kung ano ang dapat ilaan ng Dios para sa atin; kailangan lamang nating gawin ang tama at ang paglilingkod at sumunod sa kagustuhan ng Dios, anoman ang magiging hindi magandang ibubunga nito, basta magtiwala lamang nang buong-buo sa Dios. Z. 1889-171.

**Hulyo 30**

Hulihin ninyo para sa atin ang mga sora, ang mga munting sora na naninira ng mga ubasan. Mga Awit ni Solomon 2:15.

MARAMI ang walang pakialam may kinalaman sa "maliliit" na paglabag sa sinumpaan nilang pag-aalay, sa pagsasabing -- "ano ba ang pinag-iba ng ganuong pagka-masinop sa maliliit na bagay at sa buhay na ibang-iba sa sanglibutan sa pangkalahatan? Makadadagdag ba ito ng puntos?" Ah! May malaking gamit dito, dahil ang pagkapanalo sa maliliit na bagay ay paghahanda para sa malalaking bagay at ito ay mangyayari: At bilang kabaligtaran, ang pagsuko sa kagustuhan ng laman sa maliliit na bagay ay siguradong pagkatalo sa labanan sa kabuuan.

Tayo na ipinagpalagay na naging "bagong nilalang" kay Cristo, ay nakababatid na tayo ay susubukin (kung ang mga pagsubok sa atin ay hindi pa nagsimula), at dapat nating maintindihan na lalakas lamang tayo sa espirituwal at magiging "magtatagumpay" kung isagawa natin ang pagtakwil sa sarili sa mga maliliit na bagay sa buhay, at patayin ang mga likas na hilig at pagnanasa ng ating laman may kinalaman sa pagkain, pananamit, pag-uugali at iba pa. Z. '99-172.

**Hulyo 31**

Ang gawa ng bawat isa ay mahahayag, sapagkat ang araw ang magsasaysay, sapagkat sa pamamagitan ng apoy ito ay mahahayag. 1 Corinto 3:13.

ANG Apostol ay nagbanggit ng panahong ito ng nag-aapoy na pagsubok. Sa pagha-halintulad niya ng pananampalataya at mga gawa ng masigasig na Cristiano sa isang bahay na yari sa ginto, pilak at mamahaling bato, ipinahahayag niya na ang mga apoy sa araw na ito, sa wakas ng yugto nito, ay susubok sa bawat gawa ng tao kung anong uri ito, at tutupukin nito ang lahat maliban sa mga gusaling yari sa tunay na pananampalataya at katangian. Subalit tandaan natin na ang ganuong tapat na mga katangian ay hindi umuusbong nang biglaan, o sa loob lamang ng ilang oras o araw gaya ng kabute-- kundi ito ay unti-unting tumutubo, haggang sa ito ay maging makinis at matibay gaya ng puno ng Olibo. Z. '99-171.